2 Edukasyon bago pumasok sa pormal na pag-aaral

Ang edukasyon para sa mga batang wala pa sa sapat na edad upang pumasok sa pormal na pag-aaral ay maaring mag-aral sa mga Kindergarten.

2-1 Kindergarten (youchien)

Ang Kindergarten ay bukas sa mga batang may edad na tatlong taon at nag-aalay ng edukasyon hanggang makapasok ang bata sa elementarya. Mayroong pampublikong ipinatayo ng bansa, pampublikong ipinatayo ng perepaktura o munisipalidad at pribadong Kindergarten. Ang mga ito ay pinangangasiwaan ng bansa, munisipalidad o komunidad. May mga lugar na kung saan may ibinibigay na tulong para sa pagbayad ng pribadong Kindergarten.

* Ang mga batang kulang o nangangailangan ng pangangalaga ay maaring ipaubaya sa mga Day Care Center matapos makatanggap ng permiso mula sa gardiyan o tagapag-alaga ng bata. Para sa karagdagang impormasyon ukol dito, basahin ang H Panganganak at pag-aalaga ng bata, 5-1 Kinikilalang Day Care Center.

J Edukasyon

Bumalik sa TOP ng J Edukasyon

	Publikong Kindergarten	Pribadong Kindergarten
Ang maaring pumasok	mga edad 4-5 taong bata na nakatira sa bisinidad(may mga lugar na tumatanggap din ng mga batang 3 taon)	3-5 edad
Mga oras ng tanggapan	mula alas 9 ng umaga hanggang alas 2 ng hapon, sarado tuwing sabado, linggo, piyesta opisyal, mga bakasyon ng tanggapan tuwing summer, winter, spring at autumn	iba-iba depende sa tanggapan
Panahon ng pag-aplay	mula huling linggo ng Oktubre hanggang ika-unang linggo ng Nobyembre	mula huling linggo ng Oktubre hanggang ika-unang linggo ng Nobyembre
Pasahan ng mga dokumento	iba-iba depende sa tanggapan	iba-iba depende sa tanggapan
Mga babayarin	entrance fee, tuition fee	Maliban sa entrance fee at tuition fee, mayroon mga Kindergarten na nagkokolekta ng bayad para sa mga pasilidad at donasyon. Sa mga Kindergarten na mayroong pagsusulit upang makapasok dito kailangang magbayad ng screening fee.
Maaring pasukan	malapit sa lugar na tinitirahan	walang itinatakda
Mga iba pang detalye	ang pagahatid at pagsundo pati ang baon ng bata ay responibilidad ng gardiyan; iba-iba ang mga babayarin depende sa distrito kaya kinakailangang makipagsangguni sa munispilidad o Board of Education ng distritong tinitirahan	May mga munisipalidad na nagbibigay ng iba't-ibang tulong pinansyal tulad ng tulong para sa entrance fee, tuition fee, at mga iba't-iba pang babayarin. Ang mga day-care centers ay may mga iba't-ibang day-care center mission kaya mangyari lamang makipagsangguni sa mga day-care center